## Q1.Paano makakakuha ng kinakailangang suporta o tulong?



### Kung nangangailangan ng tulong, maaari mong gawin ang mga sumusunod:

Sa panahon ng pagkakaroon ng insidente o pinsalang dulot ng trabaho, hindi ninyo kailangang harapin ito nang nag-iisa.
Mangyaring agad na humingi ng propesyonal na suporta at tulong sa pamamagitan ng mga sumusunod na pangunahing institusyon: mga ahensya ng pamahalaan, Legal Aid Foundation, at mga Sentro para sa Pag-iwas sa Aksidente sa Trabaho at Rehabilitasyon, upang makatanggap ng naaangkop na gabay at serbisyo.

#### 【Mga Pangunahing Institusyong Makakatulong】 Serbisyong Propesyonal ng Lokal na Pamahalaan para sa mga Manggagawang Nakaranas ng Pinsalang Dulot ng Trabaho

Matapos mangyari ang aksidente o pinsalang dulot ng trabaho, maaaring unang makipag-ugnayan sa mga propesyonal na tagapagbigay ng serbisyo para sa mga manggagawang biktima ng aksidente sa trabaho (PAS) ng lokal na pamahalaan. Sila ay nagbibigay ng konsultasyon ukol sa mga karapatan ng manggagawa at tumutulong sa pag-aayos ng konsultasyon sa abogado at pagsama sa proseso ng pakikipagkasundo.

#### 【Mga Paraan ng Pagpapamagitan at Pagkakasundo】 Aplikasyon para sa Mediation sa Alitang Paggawa (Labor Dispute).

Kapag mayroong hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng manggagawa at tagapag-empleyo, maaaring magsumite ng aplikasyon para sa pagpapamagitan (mediation) sa karampatang awtoridad ng pamahalaan sa lugar ng pinagtatrabahuhan. Maaari ring humiling ng serbisyo ng abogado na sasama at gagabay sa proseso ng pagkakasundo.

#### Tulong Legal sa Proseso ng Pagsasampa ng Kaso para sa mga Manggagawang Biktima ng Aksidente sa Trabaho.

Ang mga manggagawang nakaranas ng aksidente o pinsalang dulot ng trabaho at nahaharap sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng manggagawa at tagapag-empleyo ay maaaring mag-aplay sa Legal Aid Foundation para sa mga sumusunod na serbisyo: konsultasyong legal para sa mga manggagawa, tulong pinansyal at legal sa proseso ng paglilitis, at pagkatawan ng abogado sa hukuman o sa mga kaugnay na proseso.

#### Serbisyo ng Konsultasyon mula sa Itinalagang Tagapayo ukol sa mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Kaso ng Aksidente sa Trabaho.

Ang mga manggagawang nakaranas ng aksidente o pinsalang dulot ng trabaho na nangangailangan ng konsultasyon ukol sa kanilang mga karapatan ay maaari ring lumapit sa Foundation for Occupational Accident Prevention and Reconstruction Center, na nagbibigay ng personal at nakatalagang serbisyo ng konsultasyon.

## Q2.Pagkatapos ng aksidente sa trabaho, tandaan muna ang 3 bagay na ito:

### 1.Magpatingin muna sa doktor at itabi ang katibayan

Tiyaking itagong mabuti ang lahat ng medikal na sertipiko at resibo ng mga gastusing medikal.Ito ang pinaka-importanteng pisikal na ebidensya para sa pagkuha ng iyong mga legal na karapatan at kompensasyon sa pinsala sa trabaho sa hinaharap

### 2.Kumpirmahin ang mga detalye at dokumento ng aksidente

I-record nang detalyado ang ors,eksaktong lokasyon, at partikular na proseso ng nangyaring aksidente.
Hanggat maari, magkolekta ng mga larawan,video, o kaugnay na ebidensya mula sa pinangyarihan.

### 3.Sumangguni muna tungkol sa mga legal na usapin

Bago pumirma sa anumang dokumento ng pakikipagkasundo ng kumpanya, affidavit,o sumangayon sa halaga ng areglo,tiyaking kumonsulta muna sa isang abogado.
Alamin nang malinaw ang legal na epekto sa likod ng mga tuntunin nito.

### Bakit kailangang kumonsulta muna?

- Upang maunawaan ang iyong sariling mga karapatan.
- Upang matukoy kung makatwiran ang mga kondisyon ng kasunduan o areglo.
- Upang maiwasang pumirma sa isang hindi paborableng kasunduan dahil sa kakulangan ng impormasyon.



Pangasiwaan para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho, Ministri ng Paggawa(Occupational Safety and Health Administration(OSHA), Ministry of Labor (MOL)

# Mga Manggagawang Naaksidente sa Trabaho at Kanilang mga Pamilya

## Programang Tulong sa mga Legal na Karapatan

Mula sa pagpapayo, pagkakasundo, at pamamagitan, hanggang sa pamamaraan ng paninindigan sa hukuman tinitiyak namin ang patuloy na pagsasabay sa inyo sa kabuuan ng proseso, nang may kapanatagan.

Konsultasyon / Paghingi ng payo | Pagkakasundo | Pamamagitan | Paghahabla sa hukuman

Kapag naganap ang aksidente sa trabaho, tinitiyak ng Pangasiwaan sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (OSHA) ang buong proseso ng legal at panlipunang tulong sa mga manggagawa; mula paunang pagsusuri, pagpapayo ng abogado, pagsasabay sa pagkakasundo at medyasyon, hanggang sa huling yugto ng kaso sa hukuman, bilang inyong matibay na kabalikat.



## 1.Unang Yugto ng Aksidente sa Trabaho

### Paglalaan ng Paunang Ulat sa Insidente




- Matapos isagawa ang paunang imbestigasyon ng ahensiya sa Pagsusuri sa Paggawa (Labor inspection), magbibigay ito ng 'Paunang Talahanayan ng Pagsusuri sa Aksidente sa Trabaho' na ipapasa sa mga itinalagang propesyonal na tagapagbigay-serbisyo para sa mga manggagawang biktima ng aksidente sa trabaho (PAS) sa pamahalaang lokal.
- Pagbibigay ng Paunang Analisis hinggil sa aksidente sa trabaho ng mga propesyonal na kawani (PAS) ng lokal na pamahalaan, para sa manggagawa o sa kaniyang pamilya, bilang gabay sa pag-unawa sa insidente at sa mga karapatan.

**Mabuting Paalala**
Agad na Pagkuha ng Paunang Impormasyon hinggil sa aksidente sa trabaho ay mahalaga upang mapadali ang interbensyon ng mga propesyonal na serbisyo at ang pag-ugnay sa mga yaman ng panlipunang paglilingkod.

## 2.Legal na Konsultasyon

### Sa pamamagitan ng pagsangguni sa abogado, nagkakaroon ng malinaw na batayan at kapanatagan ng loob



- Sa Unang Bahagi ng Insidente, maaaring agad na magpatuloy sa konsultasyon sa abogado, bukas para sa lahat ng manggagawa, upang malinaw na maunawaan ang mga karapatan at mga hakbang na susundan.

**Mabuting Paalala**
Huwag lumagda sa anumang papeles nang hindi muna nauunawaan ang nilalaman at legal na epekto.

## 3.Pagkakasundo at Mediasyon

### Sa Tulong ng Abogado, hindi ka nag-iisa sa pagharap.



- Kasama ang Abogado sa Pagdalo, upang masuri kung makatarungan ang mga karapatan sa pagkakasundo o pagmamamagitan, at kung malinaw ang mga tuntunin.

**Mahalagang Paalala**
Pagkakasundo o Pagmamamagitan na nalagdaan ay may bisa sa batas at maaaring makaapekto sa pananagutang sibil at kriminal, pati na rin sa karapatan ng mga kasangkot.

## 4.Tulong sa Pagsasakdal

### Mas Mabisang Paghahabol ng Karapatan



- Ayon sa aktuwal na pangangailangan ng kaso, maaaring magbigay ng serbisyo ng abogado bilang kinatawan, gayundin ng tulong sa pag-aabono para sa deposito ng garantiya sa pansamantalang pag-ipit ng ari-arian, mga gastusin sa paglilitis, at mga kinakailangang gastusin sa pamumuhay ng pamilya ng manggagawang nasawi sa aksidente sa trabaho.
- Sa mga kaso ng pagkamatay o malubhang pinsala ng manggagawa dahil sa aksidente sa trabaho, hindi na kinakailangan ang pagsusuri sa kalagayang pinansyal, at agad na maaaring makakuha ng tulong.

**Mabuting Paalala**
Bago simulan ang paglilitis, kailangang masusing talakayin kasama ang abogado ang lahat ng ebidensiya at estratehiya sa sibil at kriminal.

**Kung ang manggagawang nasangkot sa aksidente sa trabaho ay isang migrante, buong proseso ay bibigyan ng serbisyong pagsasalin o interpretasyon.**

